
AD1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:

### Mga Istrukturang Nadaraanan Mula Sa Bahay Patungong Paaralan



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Mga Estrukturng Nadaraanan mula sa Bahay Patungong Paaralan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Arlene R. Garcia
**Editors:** Hilda R. Mariano, Marjoie D. Pilon, Editha V. Blas,
**Tagasuri:** Perfecta M Bautista,Elizabeth R Berdadero, Fidel B Manaligod, Jenelyn B Butac, Miraflor B Mariano
**Tagaguhit:** Franklin Q. Garcia
**Tagalapat:** Elizabeth R Berdadero, Ian Agustin, Marjorie D Pilon , Roselily M. Esteban, Jay Lord B. Gallarde
**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:

## Mga Istrukturang Nadaraanan Mula Sa Bahay Patungong Paaralan

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Estrukturang Nadaraanan mula sa Bahay Patungong Paaralan.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan 1 ng *Alternative Delivery Mode (ADM)* Modyul ukol sa araling mga Isktrukturang Nadaraanan mula sa Bahay Patungong Paaralan.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), |

maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.

| | |
|---|---|
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga mahahalagang istruktura na iyong nadaraanan mula sa iyong tahanan patungo sa iyong paaralan. Gagamitin ang kasanayang ito upang magawa mong maipaliwanag ang kahalagahan ng mga istrukturang ito sa iyong pagtungo sa paaralan.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Maipaliliwanag ang kahalagahan ng mga estrukturang nadaraanan mula sa tahanan patungo sa paaralan.

# Subukin

Panuto: Pagtambalin ang mga salita sa katumbas nitong larawan sa pamamagitan ng pagguhit ng linya.


*1. ospital*




2. tindahan





3. mga gusali




4. simbahan



5. himpilan ng pulisya



**Commented [D1]:** Isulat ang salitang panuto.
Banggitun paano nila pagtatambalin ang salita sa larawan.
Bigger illustrations.

Modyul 5

# Mga Estrukturang Nadaraanan Mula sa Bahay Patungong Paaralan

Bilang bata, mahalagang malaman mo ang mga istrukturang nadaraanan mo mula sa iyong tahanan patungo sa iyong paaralan. Ang mga ito ang magsisilbi mong gabay sa iyong pagtungo sa paaralan at pag-uwi sa iyong tahanan.


Sa modyul na ito, mararanasan mong gumuhit ng mga larawan at sumulat ng mga istrukturang iyong makikita mula sa iyong tahanan patungo sa paaralan.


## *Balikan*


Panuto: Isulat ang pangalan ng mga sumusunod na larawan na ginagamit bilang transportasyon mula sa tahanan patungo sa paaralan. Piliin ang sagot sa kahon sa ibaba.


**Commented [D3]:** Maaaring magbigay ng pagpipilian tulad ng word bank


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Bus | Pedicab | traysikel | bisikleta | kotse |

1.  ______________________________

2.  ______________________________

3.  ______________________________

4.  ______________________________

5.  ______________________________



## *Tuklasin*

Basahin at unawaing mabuti ang tula.

**Commented [D4]:** Maglagay din ng background illustration ng tula






### Ang Aking Gabay
### Ni Arlene R. Garcia

Sa araw-araw kong pagtungo sa paaralan,
Maraming bagay ang aking nadadanan,
May mga puno,  halaman at palayan,
Na nagpapaganda sa ating kapaligiran.

May matataas na gusali at mga tindahan
Nandiyan ang mga kainan, at palaruan,
May istasyon ng bumbero  at himpilan ng pulisya
Anumang oras, sila ay  laging nakahanda.

Mga istrukturang  lubhang mahalaga
Nagsisilbing gabay sa aking paglalakbay
Upang 'di maligaw  sa aking pupuntahan
Mula sa tahanan patungo sa paaralan.







Panuto. Bilugan ang  titik ng  tamang sagot.

1. Ano ang pamagat ng tula?
   a. Ang Aking Gabay
   b. Mga Estruktura
   c. Daan Sa Paaralan

2. Ayon sa tula, ano-ano ang mga nadaanan niya na nakapagpapaganda sa kapaligiran?
   a. puno, halaman , palayan
   b. ospital, gusali, tindahan
   c. himpilan ng pulisya, bundok , palaruan

3.  Sa mga estrukturang ito, ang mga tao ay laging nakahanda. Ano-anong mga istruktura ito?
   a. tindahan at palaruan
   b. istasyon ng bumbero at himpilan ng pulisya
   c. ospital at palayan

**Commented [D5]:** Change font name of question marks

4. Aling estruktura ang **hindi** nabanggit sa tula?
   a. gusali at tindahan
   b. gasolinahan at sementeryo
   c. palaruan at kainan

5. Ayon sa tula, bakit mahalagang malaman ang mga estruktura sa ating paligid?
   a. upang hindi tayo maligaw sa ating pupuntahan
   b. upang madali tayong makakauwi
   c. lahat ng nabanggit

# Suriin

Ano-anong mga istruktura ang nabanggit sa tula?

Araw-araw, sa pagtungo mo sa paaralan, maraming mga istruktura at iba't ibang mga bagay ang iyong nadaraanan . Ang mga ito ay nagsisilbing pananda at gabay upang makarating ka sa iyong pupuntahan at hindi ka maligaw.

Alam mo ba na maraming bagay ang maaari mong madaanan sa pagpunta sa lugar na iyong pupuntahan tulad ng paaralan? Ang ilang halimbawa ng mga bagay o istruktura na ito ay ang:

a. mga gusali tulad ng mga *hotel, mall*


**Commented [D6]:** Italicized english words used

b. mga puno
c. mga palayan
d. mga halaman
e. mga tulay
f. paaralan
g. pook pasyalan o parke
h. palaruan
*i. barangay hall*
*j. health center*
k. mga kabahayan
l. irigasyon
m. simbahan
n. palengke
o. himpilan ng pulisya
p. istasyon ng bumbero
q. ospital, at iba pa

# Pagyamanin

Panuto: Tignang mabuti ang bawat larawan. Ikahon ang titik ng tamang sagot upang makumpleto ang pangungusap.


1. Si Joy ay naglalakad patungong paaralan at madadaanan niya ang ________________.



   a. simbahan
   b. *barangay hall*
   c. ospital

Commented [D7]: italicize

2. Sa kanyang pag-uwi buhat sa paaralan, nakita ni Kara ang mga batang masayang naglalaro sa ________________




   a. palaruan
   b. tindahan
   c bahay ng kaklase

3. Madalas bumili ng kanyang baong tinapay si Maya sa ________________.




   a. palengke
   b. tindahan
   c. istasyon ng bumbero

4. Tuwing uwian, sinusundo ni  Aling Cora si Ara sa paaralan. Madalas dumadaan muna sila _______________ para magdasal.



a. ospital
b. health center
c. simbahan

5. Gustong-gusto ni JR tuwing dumadaan sila ng kanyang tatay  sa __________  dahil pangarap niyang maging pulis paglaki niya.




a. himpilan ng pulisya
b. istasyon ng bumbero
c. *barangay hall*

**Commented [D8]:** Italicize



## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng tamang sagot. Piliin ang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

Nakatutulong na alam mo ang mga 1. ______________

at 2. ______________ na makikita sa iyong dinaraanan

mula sa iyong 3. ______________ patungo sa inyong

4. ______________ . Ang mga ito ay magsisilbi mong

5. ______________ upang hindi ka maligaw.

| | | | |
|---|---|---|---|
| gabay | tahanan | paaralan | istruktura |

## Isagawa

Panuto: Gumuhit ng tatlong (3) istrukturang nadadaanan mo mula sa iyong tahanan patungo sa iyong paaralan. Kulayan ang mga ito.

## *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit ang  kung tama ang pangungusap at  kung mali.

________1. Maraming bagay at istruktura ang ating nadadaanan sa pagtungo sa paaralan.

________2. Ang mga bagay at istruktura ay nagsisilbing gabay sa ating daan patungo sa bahay at paaralan.

________3. Ang mga istruktura ay sagabal sa ating daan kaya dapat itong alisin.

________4. Malaki ang naitutulong ng mga bagay at istruktura upang hindi tayo maligaw sa ating pupuntahan.

________5. Nakalilito ang mga bagay at istruktura sa ating dinaraanan mula bahay patungo sa paaralan.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sumulat ng ngalan ng limang (5) istrukturang iyong nadadaanan mula sa inyong tahanan patungo sa paaralan. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

1.

2.

3.

4.

5.

## Susi sa Pagwawawasto

# *Sanggunian*


Miranda, Noel P. et al. (2017).Araling Panlipunan 1 Kagamitan ng Mag-aaral. Pasig City: Department of Education-Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR).

https://www.google.com.ph/search?q=drawing+ng+hospital&tbm=isch&ved=2ahUKEwjU5qSUus_rAhURS5QKHYGAAQsQ2-cCegQIABAA&oq=drawing+ng+hospital&gs_lcp=CgNpbWcQDDoECCMQJzoECAAQEzoICAAQCBAeEBM6BggAEAgQHlCXjgJY5LkCYLPJAmgAcAB4AIABwQGIAZ8fkgEEMC4yNZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sclient=img&ei=sixSX9TFKJGW0QSBgYZY&bih=695&biw=1349&safe=active&tbs=il%3Aol&hl=fil

https://www.google.com.ph/search?q=cliparts+ng+playground&tbm=isch&ved=2ahUKEwjU5qSUus_rAhURS5QKHYGAAQsQ2-cCegQIABAA&oq=cliparts+ng+playground&gs_lcp=CgNpbWcQDDoECCMQJzoHCCMQ6gIQJzoECAAQQzoFCAAQsQM6AggAOgQIABATOggIABAIEB4QE1D1EliVbmDPe2gFcAB4BIAByQWIAeFMkgEMMi0yMC44LjIuMC4xmAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWewAQrAAQE&sclient=img&ei=sixSX9TFKJGW0QSBgYZY&bih=695&biw=1349&safe=active&tbs=il%3Aol&hl=fil#imgrc=ix7myNDLv5IDjM

https://www.google.com.ph/search?q=drawing+ng+palengke&tbm=isch&ved=2ahUKEwj755OQwM_rAhX8zYsBHQi_CjMQ2-cCegQIABAA&oq=drawing+ng+palengke&gs_lcp=CgNpbWcQDFAAWABgghZoAHAAeACAAQCIAQCSAQCYAQCqAQtnd3Mtd2l6LWltZw&sclient=img&ei=9DJSX_udJfybr7wPiP6qmAM&bih=695&biw=1349&safe=active&hl=fil&hl=fil#imgrc=LqdEA7_J8MAkrM&imgdii=CpwhLc485qMCLM

https://www.google.com.ph/search?q=cliparts+church&safe=active&sxsrf=ALeKk02YgthsqptGh3vyr950fXdhOCXgmw:1599255806489&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=Lt-KVBoDCEi3wM%252CNdbdspJ70diqxM%252C_&vet=1&usg=AI4_-kQLWEKOwr8iYhC1fcc63WVc3J5VQw&sa=X&ved=2ahUKEwiCm4CSvNDrAhXSA4gKHRgtDYcQ9QF6BAgKEGE&biw=1366&bih=695#imgrc=Lt-KVBoDCEi3wM&imgdii=7kPHtspXODzanM

https://www.google.com.ph/search?q=police+station+building+clipart+black+and+white&safe=active&sxsrf=ALeKk017oo3K48UGiPFWONzwBx3rLgweRA:1599257084927&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=HBj_5dhVmDyilM%252CaeJAaL65k44FvM%252C_&vet=1&usg=AI4_-kSUgGx3Wx7__26kkmUXgbtBVmtq4w&sa=X&ved=2ahUKEwjo_s3zwNDrAhWzyIsBHVWzCa4Q9QF6BAgKEEs&biw=1366&bih=695#imgrc=HBj_5dhVmDyilM

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph